



**Paunawa ng Suspensyon o Paghihigpit ng mga Panloob na Aktibidad**

**Nobyembre 16, 2020**


Ang San Francisco ay nakakaranas ng mabilis at makabuluhang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19. Ang pagtaas ng mga kaso ay nangangahulugan na ang panukat ng kalusugan ng San Francisco ay matugunan ang mga pamantayan na mailipat mula sa "dilaw" o minimal na antas ng kulay-coded na balangkas ng panganib ng Estado sa mas mahigpit na antas. Maliban kung kumilos ang San Francisco para pigilan ang pagtaas ng mga kaso, nanganganib ang San Francisco na malaglag sa mas mahigpit na kategorya. Alinsunod dito, ang Opisyal ng Kalusugan ay nagsuspendi o naghigpit sa ilang mga aktibidad na panloob. Kung ang pagtaas ng mga kaso ay magpatuloy, ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring, simula sa mga karagdagang panloob na aktibidad, pinalawak na paghihigpit o suspendihin ang iba pang mga gawain na kasalukuyang pinapayagan sa ilalim ng Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan C19-07 ay maaaring baguhin.

**Important Note:** Epektibo tulad ng nabanggit sa talahanayan sa ibaba, inutos ng Opisyal ng Kalusugan ang suspensyon o paghihigpit sa kapasidad ng mga aktibidad tulad ng makikita sa talahanayan sa ibaba. Ang suspensyon o paghihigpit na ito ay binabago ang anumang kaugnay na mga kautusan, direktiba, o patnubay. Lahat ng apektadong mga tao at entidad ay kinakailangan sumunod sa mga bagong limitasyon at dapat patuloy na subaybayan at sumunod sa lahat ng naaangkop na mga [Kautusan sa Kalusugan](#) at [Direktiba](#).

<b>Aktibidad at Binagong Kautusan o Direktiba</b>	<b>Apektadong mga Grupo</b>	<b>Epektibo ang pagbabago simula sa petsa sa itaas</b>
<p><b>Mga Pasilidad ng mga Opisina</b> Direktiba 2020-18</p>	<p>Hindi mahalagang mga opisina</p>	<p><b>PINAGHIGPITAN simula Martes, Nobyembre 17, 2020</b> Ang mga hindi mahalagang mga opisina ay maaaring magpatuloy ng <b>Pinakamababang Basikong Pag-oopera (Minimum Basic Operations)</b> tulad ng nakabalangkas sa Kautusan ng Kalusugan, kung hindi man suspendido.</p>
<p><b>Panloob na Gym / Fitness Centers</b> Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-31</p>	<p>Mga Gym Fitness Centers</p>	<p><b>PINAGHIGPITAN simula Martes, Nobyembre 17, 2020</b> <b>Kabuuang Limitadong Kapasidad ay nabawasan sa 10% o 50 katao, alinman ang mas kaunti. Ang kabuuang bilang ng mga tao kasama ang mga Tauhan at lahat ng iba pang tao sa pasilidad.</b></p>
<p><b>Panloob na Kainan</b> Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-16</p>	<p>Restawran Bar na may pagkain Shopping mall na may pagkain Hotels na may Restawran Museo, Zoo and Aquariumna may Restawran Gym na may pagkain Kapetirya ng mga Opisina</p>	<p><b>SUSPENDIDO simula Linggo, Nobyembre 14, 2020</b> <b>Walang pinapayagan ng Panloob na Kainan. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa.</b></p>



<p><b>Panloob na Sinehan</b></p> <p>Kautusan C19-07 Apendiks C1 Direktiba 2020-35</p>	<p>Sinehan</p>	<p><b>PINAGHIGPITAN simula Linggo, Nobyembre 14, 2020</b></p> <p>Para sa mga complex ng panloob na sinehan na may maramihang mga indibidwal na mga teatro, ang kapasidad para sa buong complex ay limitado sa 25%, at ang limitasyon para sa bawat indibidwal na teatro o auditorium ay 50 katao. Ang kabuuang bilang ng mga tao kasama ang mga Tauhan at lahat ng iba pang tao sa pasilidad.</p>
---	----------------	---



## **Mga Tip at Madalas Itanong para sa Pagbubukas ng Mga Pasilidad ng Opisina sa Panahon ng COVID-19**

**NA-UPDATE NOONG Oktubre 27, 2020**

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa lokal na paggamit, at ipo-post sa <https://www.sfdcp.org>. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago sa kaalaman, transmisyong komunidad, pagiging available ng Personal na Pamproteksyong Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE), at pagsusuri.

**AUDIENCE:** Mga negosyong magpapapasok na ulit ng Mga Tauhan sa mga pasilidad ng opisina sa panahon ng pandemya ng COVID-19.

**BACKGROUND:** Noong Oktubre 27, 2020, inilabas ng Opisyal sa Kalusugan ang [Direktiba Blg. 2020-23b](#) na nagpapahintulot at nagbibigay ng gabay para sa mga negosyong nagpapatakbo ng mga pasilidad ng opisina.

**LAYUNIN:** Tinatalakay ng dokumentong ito ang mga pangunahing punto sa Direktiba, pero hindi nito pinapalitan ang mga iyon.

### **Buod ng Mga Pagbabago sa Gabay mula sa 06/29/2020 na Bersyon**


- Puwedeng magbukas ang mga hindi kinakailangang opisina nang may hanggang 25% ng kapasidad
- Puwedeng magbukas ang mga opisina para sa mga manggagawang magte-telecommute kung walang opisina
- Puwedeng magbukas ang mga opisina ng mga cafeteria at break room para sa empleyado
- May mga kasamang bagong kinakailangan at rekomendasyon sa bentilasyon
- May mga available na bagong karatula
- Kasama rito ang bagong impormasyon at gabay sa COVID-19

## Pagpigil sa Transmisyon ng COVID-19

### **Paano Kumakalat ang COVID-19?**

Ayon sa aming kasalukuyang pagkakaunawa, kadalasang naikakalat ang COVID-19 mula sa isang tao patungo sa isa pa sa hangin sa pamamagitan ng mga droplet na may virus sa hininga ng isang taong may COVID-19. Humahalo ang mga droplet na ito sa hangin kapag nag-exhale (bumuga ng hangin) ang isang tao, kabilang kapag nagsasalita, kumakanta, umuubo, o bumabahing siya. Posibleng walang anumang sintomas ang mga taong may COVID-19 at nakakapagbuga pa rin sila ng mga droplet na may virus.

- Kung minsan, tinatawag na “ballistic droplet” ang mas malalaking droplet dahil ang mga ito ay kumakalat sa mga tuwid na linya at hinihila pababa ng gravity. Mahahawahan ang mga taong nasa malapit, na karaniwang sa loob ng 6 na talampakan, kapag nalanghap nila ang mga droplet na ito o kapag napunta ang mga droplet sa kanilang mata, ilong, o bibig.
- Maaaring lumutang sa hangin ang mas maliliit na droplet o particle na may nakakahawang virus sa loob ng isang partikular na panahon at/o maaari itong kumalat nang lampas sa 6 na talampakan sa mga daloy ng hangin sa loob, lalo na sa mga kulob na lugar na hindi maganda ang bentilasyon.



Nahahawahan ang mga taong nasa iisang lugar kapag nalanghap nila ang mas maliliit na droplet at particle na ito o kapag napunta ang mga droplet o particle sa kanilang mata, ilong, o bibig – kahit na mahigit 6 na talampakan ang layo nila sa isa't isa. Kung minsan, tinatawag na “aerosol” o “bioaerosol” ang mga droplet na ito.

Maaari ding kumalat ang COVID-19 kung hahawakan ng isang tao ang kanyang mata, ilong, o bibig pagkatapos humawak sa kontaminadong surface (na kilala din bilang fomite), gayunpaman, hindi ito gaanong pangkaraniwan.

### **Pag-iwas sa COVID-19**

Para maiwasang magkahawahan, dapat gawin ng lahat ang sumusunod:

- Hugasan nang madalas ang inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig. Kung walang magagamit na sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o 70% isopropanol.
- Iwasan ang Malapitang Pakikipag-ugnayan. Sa abot ng makakaya, magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang social distancing sa pagitan ninyo at ng ibang taong hindi nakatira sa inyong Sambahayan.
- Magsuot ng Takip sa Mukha. Takpan ang inyong bibig at ilong ng Pantakip sa Mukha kapag nasa pampublikong lugar at kapag nasa paligid ng ibang taong hindi nakatira sa inyong Sambahayan.
- Regular na linisin at i-disinfect ang mga surface na madalas hawakan.
- Obserbahan ang Inyong Kalusugan Araw-araw. Maging alerto para sa mga sintomas tulad ng lagnat, ubo, pangangapos ng hininga, o iba pang sintomas. Kung nakakaranas kayo ng alinman sa mga sintomas na ito, manatili sa bahay.


### **Indoor na Panganib**

Sumasang-ayon ang mga siyentipiko na sa pangkalahatan, mas malaki ang posibilidad na magkahawahan ng COVID-19 kapag nasa loob ng mga gusali kaysa kapag nasa labas. Isaalang-alang ang mas mataas na panganib sa iyo at sa iyong komunidad habang pinaplano ang pagbubukas o pagpapalawak ng opisina. Lumalaki ang panganib sa anumang pagtaas ng bilang ng mga tao indoors o sa dagdag na oras indoors. Nakakapagpalaki ng indoor na panganib ang maliliit na kuwarto, masisikip na pasilyo, maliliit na elevator, at hindi magandang bentilasyon. Kung magagawa nang malayuan ang bawat aktibidad na puwedeng gawin outdoors, sa pamamagitan ng teleconference, mababawasan ang panganib. Isaalang-alang na gumamit ng outdoor na may takip na walkway para maiwasan ang pila para sa pag-check in. Isaalang-alang na iisang tao lang ang papuntahin sa opisina para kumatawan ng isang grupong nakikipag-teleconference.

### **Ang Papel ng Bentilasyon**

Sa pamamagitan ng magandang bentilasyon, nakokontrol ang mga droplet at particle na may nakakahawang virus para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng:

- pagpapalabas ng hanging may mga droplet at particle mula sa kuwarto,
- pagpapalabnaw sa konsentrasyon ng mga droplet at particle sa pamamagitan ng pagdaragdag ng sariwa at hindi kontaminadong hangin.
- pag-filter sa hangin sa kuwarto na nag-aalis ng mga droplet at particle sa hangin.



Gumawa ng Mga Kinakailangang Pagpapahusay sa Bentilasyon, Kung Posible, Kabilang ang


- Mga sistema para sa pagpapa-init, bentilasyon, at air conditioning (heating, ventilation, and air conditioning, HVAC) (kung mayroon)
  - Tiyaking sinusuri at gumagana nang maayos ang mga sistema para sa HVAC.
  - Suriin ang mga posibilidad ng pag-upgrade sa mga pinakamabisang filter sa hangin.
  - Pataasin ang porsiyento ng hanging nagmumula sa labas sa pamamagitan ng sistema para sa HVAC, pagsasaayos, o pag-override sa mga damper para sa muling pagpapaikot ng hangin ("economizer").
  - Huwag paganahin ang "mga kontrol ng demand" sa mga sistema ng bentilasyon para tuluy-tuloy na gumana ang mga bentilador, anuman ang mga pangangailangan sa pagpapa-init o pagpapa-lamig.
  - Isaalang-alang na patakbuhan ang sistema ng bentilasyon ng gusali kahit walang tao upang masulit ang bentilasyon. Bilang minimum, i-reset ang sistema ng bentilasyon na pinapatakbo ng timer para magsimulang tumakbo ang mga iyon 1-2 oras bago buksan ang gusali at 2-3 oras pagkatapos isara ang gusali.
- Dagdagan ang natural na bentilasyon sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana at pintuan kapag posible batay sa mga kondisyon sa kapaligiran

Para sa higit pang impormasyon at karagdagang resource, pakitingnan ang [gabay sa bentilasyon ng SFDPH](#)

### Mga Conference Room at Meeting

Puwedeng magbukas ang mga conference at meeting room nang hanggang sa 25% ng naka-post na occupancy, at hindi dapat hihigit ang bilang nito sa mga taong ligtas na makakapagpanatili ng anim na talampakang distansya sa lahat ng pagkakataon.

- Ang mga personal na meeting ay nakakapagpalaki ng panganib at hindi hinihikayat sa mga indoor na lugar.
- Mas ligtas ang pakikipagkumperensya gamit ang video at telepono.
- Sa pakikipagkumperensya gamit ang video, ganap na nakakasali ang mga manggagawa na wala sa lugar.
- Kung hindi maiiwasan ang isang meeting, abisuhan ang mga kalahok nang maaga na isang hindi katanggap-tanggap na panganib ang pakikisalamuha bago o matapos ang meeting.
- Limitahan ang bilang ng mga taong iimbatahang personal na pumunta sa pamamagitan ng pagsasama ng pakikipagkumperensya gamit ang video at telepono.
- Ipinagbabawal ang pagkain at pag-inom sa mga meeting dahil nag-aalis ng takip ng mukha sa mga ito.
- Paganahin ang bentilasyon sa conference room 1-2 oras bago pumasok ang mga tao sa kuwarto. Buksan ang mga pinto at bintana kung posible.
- Magpaskil sa mga conference at meeting room ng mga karatula para sa occupancy at kaligtasan sa panahon ng COVID-19.



- Dapat ay madalas na linisin at i-disinfect ang mga ginagamit na conference at meeting room.

### Pagkain sa Cafeteria, Break Room, Outdoors, o Desk

Ang Mga Cafeteria sa opisina ay puwedeng magbukas at dapat sumunod sa [gabay sa pagkain sa panahon ng COVID-19](#). Bukod pa rito, dapat gawin ng mga cafeteria para sa mga empleyado ang sumusunod:

- Lubos na hikayatin ang outdoor na dining,
- Limitahan ang kapasidad sa bilang ng mga taong makakapagpanatili ng anim na talampakang distansya sa isa't isa, na hanggang sa 25% ng occupancy,
- Magpaskil ng karatula tungkol sa occupancy, mga takip sa mukha, pagdistansya sa isa't isa, at kalinisan ng kamay,
- Mag-alok ng grab-and-go na pagkain kung posible, at
- Huwag payagan ang pakikisalamuha sa isa't isa o sabay-sabay na pagkain.
- Magbigay ng may bubong na outdoor na espasyo kung posible.
- Gumamit ng pag-iiskedyul, mga kasangkapan, at karatula para maiwasan ang mga pila at pagkakatipon ng mga tao, at mabawasan ang oras ng sinuman sa cafeteria o lugar para sa pagkain.

Dahil kailangang mag-alis ng takip sa mukha kapag kumakain, napapalaki nito ang panganib sa mga tao. Manatiling ligtas habang kumakain sa pamamagitan ng:


- Pagkain outdoors kung maganda ang lagay ng panahon, at nang may distansyang hindi bababa sa anim na talampakan sa bawat direksyon
- Pagbubukas ng mga pinto at bintana kung posible
- Pagkain sa iyong desk o nang mag-isa sa isang kuwarto/opisina
- Hindi pakikipag-usap habang kumakain
- Pagsusuot ulit ng takip sa mukha pagkatapos kumain

Sa pangkalahatan, hindi magandang opsyon ang kumain sa mga break room kapag may ibang tao. Sa minimum, tiyaking may hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa isa't isa ang mga tao, maayos ang bentilasyon, at naaangkop ang mga karatula tungkol sa pagkain.

### Mga Mandatoryong Kinakailangan sa Karatula at Mga Mapagkukunan ng Karagdagang Impormasyon

Idagdag ang lahat ng karatulang nauugnay sa COVID-19 sa Opisina tulad ng iniaatas ng [Seksyon 4.g at 4.h ng Kautusang Manatiling Mas Ligtas sa Bahay](#). Inilalarawan ang mga kumpletong kinakailangan sa karatula simula sa Pinakamahuhusay na Kagawian [Seksyon 1.5 ng Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan 20-18b](#).

Kasama sa [Outreach Toolkit](#) ang mga napi-print na resource na kinabibilangan ng karamihan sa mga karatulang kinakailangan o inirerekomenda para makapagbukas ng mga opisina. Available ang lahat ng karatula tungkol sa wastong hygiene, social distancing, Mga Pantakip sa Mukha, pag-screen sa kalusugan, ang mga panganib ng indoor na paghawa, pagpapasuri, at pagpapabakuna para sa trangkaso.



## Pagsusulong sa Lugar ng Trabaho ng Kaligtasan mula sa COVID-19

Dapat aktibong magsulong ang mga employer at pamunuan ng mga ligtas na kasanayan kaugnay ng COVID-19. May mga negosyong matagumpay na nakagamit ng maliliit na insentibo gaya ng mga takip sa mukha na may disenyo at pagkilala sa publiko para mabawasan ang hawahan ng COVID-19. Puwede ding maiwasan ang magastos na pagkakasakit sa pamamagitan at pagtukoy ng mga kakulangan. Sa pangkalahatan, pinakamatagumpay ang pagtutuu na nagbibigay ng impormasyon. Pinakamahusay na gumagana ang pagkilala at pamamagitan kapag sa panggrupo at pang-indibidwal na antas ginagawa ang mga ito. Dapat ay laging maging modelo ang mga manager at supervisor sa mga ligtas na kagawian.

### **Pagbabakuna Laban sa Trangkaso**

Mahalaga ang mga bakuna para sa trangkaso sa laban kontra COVID-19 dahil (1) napapanatiling malusog ang mga manggagawa at komunidad at (2) nababawasan ang kinakaharap ng ating mga sistema sa pangangalagang pangkalusugan at pagsusuri na tumutugon sa COVID-19. Lubos na hikayatin ang lahat ng tauhang magpabakuna para sa trangkaso. Magpaskil ng karatula para hikayatin ang mga customer, bisita, atbp. na magpabakuna para sa trangkaso.

### **Contact Tracing**

Ang SFDPH, sa pakikipagtulungan sa komunidad pati sa mga negosyo, ay tumutulong sa pagtukoy ng mga taong nagkaroon ng malapitang pakikipag-ugnayan sa lahat ng taong may COVID-19. Maaaring maipasa ng mga tao ang virus 48 oras bago pa sila magkaroon ng mga sintomas. Ang ilang tao ay hindi nagkaroon ng mga sintomas ngunit maaari pa ring makapagpasa ng virus. Maaari tayong makatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng contact tracing na nakakatulong na matukoy ang mga taong posibleng nalantad dito at pagtulong sa kanila na mag-quarantine upang hindi nila aksidenteng maikalat ang sakit. Ginagawa namin ito sa tuwing may outbreak ng mga nakakahawang sakit tulad ng tigdás, tuberculosis, at iba pa, para maprotektahan ang kalusugan ng komunidad.

Tumulong na tiyakin ang kalusugan ng iyong mga tauhan at ating komunidad. Panatilihin ang attendance/mga iskedyul ng lahat ng Tauhan sa loob ng hanggang tatlong linggo. Inirerekomendang magpanatili ang mga organisasyon ng listahan ng mga gumagamit sa iyong opisina na pumapayag na boluntaryong ibigay ang kanilang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga layunin ng contact tracing. Dapat na itapon ang anumang listahan pagkalipas ng tatlong linggo. Hindi na kinakailangang magbigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ang mga suking customer.

Kung may Tauhan, contractor, taong nagde-deliver, o bisitang magpopositibo sa COVID-19, dapat tulungan ng organisasyon ang SFDPH sa pagtukoy sa iba pang tauhan o taong posibleng nalantad.


Takpan ang iyong mukha, magpasuri nang maaga, at mag-trace! Matuto pa sa <https://covid19.ca.gov/contact-tracing>

### **Pag-iiskedyul at Pagko-commute**

Para mapamahalaan ang occupancy sa opisina at mabawasan ang panggigipit sa sistema ng transportasyon, dapat magbigay ang mga opisina ng impormasyon at flexibility para matulungan ang Mga Tauhang mahusay na makapagpasya kaugnay ng pagko-commute papasok ng trabaho. Ang mga epektibong pag-iingat para mabawasan ang indibidwal na panganib ng COVID-19, malimitahan ang hawahan sa komunidad, at makatulong sa pagbangon ng ekonomiya ay kinabibilangan ng:

- Pagpayag na patuloy na malayuang magtrabaho ang mga empleyado kung posible;
- Pagpapatupad ng mga alternatibong iskedyul sa pagtatrabaho para hindi magkasabay-sabay ang





Mga Tauhan sa opisina;

- Pagsasaayos ng mga oras ng trabaho para tumapat ang biyahe sa mga oras na hindi peak hour;
- Kung naaangkop, hikayatin ang Mga Tauhang gumamit ng alternatibong transportasyon gaya ng paglalakad o pagbibisikleta;
- Magbigay ng flexibility sa Mga Tauhan na posibleng mahuli ng pasok kung kailangan nilang maghintay ng hindi siksikang pampublikong transportasyon.

Para sa impormasyon at mga resource, bisitahin ang <https://SFMTA.com/TransportationGuidance>

## Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)

### **Ano ang kailangan kong gawin para masunod ang Direktiba?**

Bago pabalikin ang mga empleyado sa opisina, tiyaking nabasa mo na ang buong Direktiba at ang pinakamahuhusay na kagawian, at gagawin mo ang kahit isa lang sa mga sumusunod na hakbang: kumpletuhin ang mga pagsasaayos sa layout ng iyong opisina para matiyak na makakapagpanatili ang mga empleyado nang hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa isa't isa sa lahat ng pagkakataon; suriin ang plumbing para matiyak na gumagana ito nang maayos at i-flush ang mga tubo kung kinakailangan; gumawa ng anumang kinakailangang pagpapahusay sa bentilasyon; magdagdag ng kinakailangang karatula sa mga elevator, hagdan, break room, at cafeteria; magpatupad ng mga pagsusuri ng sarili para sa COVID-19 araw-araw para sa lahat ng tauhan, at magpatupad ng mga protokol sa pag-sanitize.

Kinakailangan mong gawin at tuluy-tuloy na ipatupad ang sumusunod na dalawang dokumento, na makakatulong sa iyong pagtitiyak na nasusunod ang lahat ng mandatoryong hakbang.

- Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (tingnan ang [Exhibit B ng Direktiba Blg. 2020-18b](#)) na puwedeng susugan.
- Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa (tingnan ang [Appendix A ng Utos sa Kalusugang Manatiling Mas Ligtas sa Bahay C19-071](#)), na puwedeng susugan. Kakailanganin mong tiyaking available ang mga dokumentong ito para sa lahat ng Tauhan. Dapat ipaskil ang mga ito sa entrada ng opisina. Kung may iba pang Direktibang nalalapat sa iyong negosyo, posibleng kailanganin mong kumumpleto ng mahigit sa isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.


### **Nagawa ko na ang mga plano, may dapat pa bang gawin?**

Pag-isipan, nang kahit isang beses lang sa isang linggo, ang pagganap ng iyong Negosyo at Mga Tauhan, kung maayos bang nasusunod ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan at ang iyong Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa, at kung ano ang mga kinakailangang pagbabago para mapahusay ang iyong tugon sa pandemya ng COVID-19. Hanapin ang bagong gabay mula sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit ng SFDPH (<https://www.sfdcp.org/covid19>) o ang madalas i-update na page sa <https://sf.gov/topics/business-during-coronavirus-pandemic> na may mga komprehensibong mapagkukunan para sa mga negosyo sa panahon ng pandemya ng COVID-19.

### **Puwede bang bumalik ang lahat ng aking tauhan sa aking opisina para sa hindi kinakailangang gawain kung magagawan ko ng paraan para makadistansya sila sa isa't isa?**

Nakadepende ito sa bilang ng mga tauhang mayroon ka. Para sa mga hindi kinakailangang opisina na wala pang 20 tauhan, dapat bawasan ng negosyo ang maximum na occupancy at limitahan ito sa bilang ng mga taong makakapagpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa isa't isa habang nasa pasilidad ng opisina sa lahat ng pagkakataon. Para sa mga opisina para sa hindi kinakailangang gawain na may mahigit sa 20 tauhan, dapat bawasan ng negosyo ang maximum na occupancy at limitahan ito sa 25% ng normal na maximum na occupancy ng pasilidad, o sa bilang ng mga taong makakapagpanatili ng





hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa isa't isa habang nasa pasilidad sa lahat ng pagkakataon, alinman doon ang mas kaunti. Lubos na hinihikayat ang pag-telecommute kung posible.

**Kailangan ba ng aking empleyado na magsuot ng Takip sa Mukha habang nasa kanyang pribadong opisina nang mag-isa, o habang nakaupo siya sa kanyang desk kung saan may mga inilagay akong divider na gawa sa Plexiglass?**

Hindi mo kailangang magsuot ng Takip sa Mukha kung wala kang kasama sa isang pribadong opisina at kung maliit ang posibilidad na may bumisita sa iyo nang walang paunang abiso, gaya ng opisinang may saradong pinto. Kung may papasok sa nasabing lugar, ikaw at ang indibidwal ay dapat magsuot kaagad ng Takip sa Mukha sa panahon ng pakikipag-ugnayan.

**Ano ang dapat kong gawin kung may tauhang sasagot ng “Oo” sa alinman sa mga pang-[araw-araw na tanong sa screening](#)?**

Kasama dapat sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan ang iyong plano para sa ligtas na pagbibiyaha ng Tauhang magkakasakit habang nasa trabaho, nang pauwi o papunta sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Makakakita ng higit pang impormasyon sa:

- [ang dapat gawin kung may tauhang magpopositibo sa pagsusuri para sa COVID-19](#), at
- [kailan puwedeng bumalik ang tauhan sa trabaho](#) pagkatapos ng mga sintomas ng COVID-19, pagsusuri, o close contact.

**Kung magpopositibo ang aking empleyado sa COVID-19, sasabihan ba ako ng SFDPH? Kung magpopositibo siya sa isang county sa labas ng SF, aabisuhan ba ako?**


Puwedeng makipag-ugnayan ang SFDPH o ang iba pang departamento ng kalusugan ng county sa mga employer para makapag-trace ng mga nakaugnayan, pero ang pagkakakilanlan ng indibidwal na nagpositibo sa COVID-19 ay pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan, at kadalasan, hindi ito puwedeng ibahagi maliban sa mga piling sitwasyon.

**Ano ang dapat kong sabihin sa SFDPH para matulungan ko sila sa contact tracing kung sasabihin sa akin ng aking empleyadong nagpositibo siya sa COVID-19?**

Dapat mong tukuyin ang huling araw kung kailan pumasok ang taong na-diagnose na may COVID-19 sa lugar ng trabaho, at ang araw kung kailan siya pumasok sa trabaho. Maghandang tukuyin ang sinumang malapitang nakaugnayan ng naturang indibidwal sa lugar ng trabaho. Sa isang opisina, inilalarawan ang mga malapitang nakakaugnayan bilang isang taong nakaugnayan ng taong na-diagnose na may COVID-19 nang may distansyang 6 na talampakan at sa loob ng mahigit sa 10 minuto, habang hindi nakasuot ng facemask ang taong may COVID-19.

**Puwede ba akong magbigay ng higit pang espasyo ng negosyo outdoors?**

Sa pangkalahatan, mas maliit ang posibilidad na magkahawahan ng COVID-19 sa mga outdoor na lugar ng trabaho. May ilan nang negosyong gumamit ng mga patio, awning, canopy, tent, at may takip na daanan para mapalawak ang kanilang espasyo habang pinapaliit ang posibilidad na magkahawahan indoors. Gumawa ang SFDPH ng [gabay sa paggawa ng mga outdoor na shelter](#) na puwedeng makatulong sa mga opisina.



## Mga Mapagkukunan ng Karagdagang Impormasyon

**Lokal:**

Makakakita ng impormasyon para sa mga negosyo sa <https://www.sfgdp.org/businesses>

Paano [magpasuri para sa COVID-19 sa San Francisco](#)

Nada-download na [karatulang ikaw mismo ang magpi-print](#), o humiling ng [mga naka-print na poster](#)

Impormasyon mula sa [Tanggapan para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Paggawa ng San Francisco tungkol sa COVID-19](#), gaya ng mga kinakailangan ng employer, benepisyo ng empleyado, at mapagkukunan; [Iwasan ang diskriminasyon at paghihiganti sa panahon ng COVID-19](#).

**California:**

[Plano sa Pagbangon ng Estado ng California](#)

[Impormasyon ng Pangasiwaan para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng California \(California Occupational Safety and Health Administration, CAL OSHA\) tungkol sa pagprotekta ng mga manggagawa mula sa COVID-19](#)

**Lokal:**

[AIHA- Muling Pagbubukas: Gabay para sa Mga Pangkalahatang Lugar ng Opisina](#)

Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):  
Toolkit sa Muling Pagbubukas ng Negosyo: [Toolkit ng CDC sa Muling Pagbubukas ng Negosyo](#)

[Gabay ng CDC sa Pagbalik sa Trabaho](#)

[Impormasyon para sa Employer ng CDC para sa Mga Gusali ng Opisina sa Panahon ng COVID-19](#)